Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Pebrero 10, 1982

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 39, s. 1982

PAMBANSANG SEMINAR SA WIKA AT PANITIKAN
SA NASYONALISMO

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralan, Kolehiyo at Pamantasang Pribado

1. Magdaraos ng isang Pambansang Seminar sa Pilipino sa Abril 1, 2, 3, 1982, ika-8:00 N.U. hanggang ika-5:00 N.H., sa awditoryum ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas sa ilalim ng magkakasamang pagtataguyod ng Pandaylipi, Ink., Surian ng Wikang Pambansa, at Pambansang Aklatan ng Pilipinas; sa pakikipagtulungan ng Ministri ng Edukasyon at Kultura at Politeknikong Universidad ng Pilipinas. Ang tema ng tatlong araw na seminar ay "Wika at Panitikan sa Nasyonalismo."

2. Ang mga layunin sa pagdaraos ng nabanggit na pambansang seminar ay ang mga sumusunod: (a) makatulong sa lalo pang ikauunlad at ikalalaganap ng nasyonalismo sa pamamagitan ng wika at panitikan at (b) makapagbigay ng kaukulang impormasyon at pagsasanay sa mga dalubguro ukol sa paggamit ng Pilipino bilang midyum ng pagtuturo.

3. Hinihiling sa lahat ng kinauukulan, lalo na sa mga guro, dalub-guro at puno ng iba't ibang kagawarang pang-akademiko na dumalo sa idaraos na pambansang seminar sa lugar, oras, at petsang itinakda. Ang pagdalo ay sa oras na opisyal lamang (official time only). Lahat ng gugugulin kasama ang transportasyon at ₱90 butaw sa pagpapatala na kaugnay sa pagdalo sa komperensyang ito ay babalikatin ng mga kalahok.

4. Lahat ng katanungan hinggil sa panayam ay itukoy kay Dra. Zenaida A. Olonan, Tagapangulo, Lupon sa Seminar, Pandaylipi, Ink., s/p Kaguruan ng mga Sining at Agham, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Mabini Kampus, Sta. Mesa, Maynila.

5. Hinihiling ang pagpapaabot ng Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

(SGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Mga Sanggunian:
Department Order: No. 50, s. 1975
MEC Order: No. 22, s. 1978

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCE
Course of Study, COLLEGIATE
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS